



**Embassy of the United States of America**  
**Consular Section - Immigrant Visa Unit**  
**Manila, Philippines**

## **I. MGA DOKUMENTO PARA SA APLIKASYON**

Kailangang ihanda at dalhin ang **LAHAT** ng mga sumusunod na dokumento sa inyong interbyu. Ang kakulangan sa dokumento ay magiging dahilan para hindi kayo mabigyan ng *visa*.

- 1. PASAPORTE.** Ang pasaporte ay kailangang may bisa na hindi kukulang sa anim (6) na buwan. Sa mga walang pasaporte, kailangan ang personal na pag-*apply* sa *Passport Division, Department of Foreign Affairs (DFA), Roxas Boulevard, Pasay City, Metro Manila*. Para sa pagpapabago ng pasaporte, tawagan ang *DFA Information Center* sa 02-737-1000. Ang *DFA web site* ay <http://www.dfa.gov.ph>.
- 2. BIRTH CERTIFICATE.** Ang kopya ng inyong *birth certificate* ay kailangang galing sa *National Statistics Office (NSO)* at nakalimbag sa *NSO security paper*. Ang mga kopya ay kailangan para sa pangunahing aplikante, kapamilya (*derivatives*) at mga petisyoner na ipinanganak sa Pilipinas. Tumawag sa *NSO Information Center* sa 02-737-1111 o bisitahin ang kanilang *web site* sa <http://www.census.gov.ph> kung may mga katanungan tungkol sa pagkuha ng *birth certificate*. Kung ang *NSO* ay walang maibigay na kopya, kumuha ng pahayag o kasulatan galing sa *NSO* hinggil sa kawalan ng kopya nito. Kumuha at dalhin ang *birth certificate* galing sa lokal na rehistro sa bayan kung saan kayo ipinanganak.
- 3. MARRIAGE CERTIFICATE (kung angkop).** Kung ang kasal ay ginanap sa Pilipinas, ang kopya ng *marriage certificate* ay kailangang galing sa *National Statistics Office (NSO)* at nakalimbag sa *NSO security paper*. Tumawag sa *NSO Information Center* sa 02-737-1111 o bisitahin ang kanilang *web site* sa <http://www.census.gov.ph> kung may mga katanungan tungkol sa pagkuha ng *marriage certificate*.
- 4. CERTIFICATE OF NO MARRIAGE RECORD (CENOMAR).** Ang katibayan na kayo ay walang kasal ay kailangang galing sa *National Statistics Office (NSO)* at nakalimbag sa *NSO security paper*. Tumawag sa *NSO Information Center* sa 02-737-1111 o bisitahin ang kanilang *web site* sa <http://www.census.gov.ph> kung may mga katanungan tungkol sa pagkuha ng CENOMAR (*singleness*).
- 5. KATIBAYAN NG PAGPAPAWALANG-BISA SA DATING KASAL.** Kailangang magbigay ng dokumentong magpapatunay ng pagpapawalang-bisa sa dati o naunang kasal (*halimbawa, annulment decree* o *death certificate* galing sa *National Statistics Office (NSO)* at nakalimbag sa *NSO security paper, divorce decree* sa ibang bansa, o *death certificate* sa ibang bansa).
- 6. KATIBAYAN NG SUPORTANG PINANSIYAL.** Kailangang magbigay ng katibayang kayo ay hindi magiging pabigat sa mga taong namumuwis ng Estados Unidos para sa inyong suportang pang-pinansiyal.

- **Form I-864 Affidavit of Support** para sa mga aplikante na nasa kategoryang “IR,” “F,” at ibang uri ng “E” visa, kasama ang kopya ng U.S. federal income tax return (Form 1040) at wage statements (Form W-2s) ng sponsor. Ang petisyoner ay kinakailangang magbigay ng Affidavit of Support kahit wala siyang kinikita at kahit ang Affidavit of Support ng joint sponsor ay may kakayahang tustusan ang inyong kabuhayan sa Amerika.

I-download ang Form I-864 sa <http://www.uscis.gov/portal/site/uscis>.

- **Form I-864EZ Affidavit of Support.** Maaaring gamitin ng sponsor ang mas maagsing Form I-864EZ sa halip na Form I-864 kung ang lahat sa mga sumusunod ay angkop:
  - ang sponsor ay ang petisyoner
  - hindi kailangan ang joint sponsor o Form I-864A
  - ang Affidavit of Support ay para sa isang tao lamang
  - ang kakayahan ng sponsor ay batay lamang sa kanyang sariling kinikita at hindi batay sa kanyang mga ari-arian
  - lahat ng kinikita ng sponsor ay nakasaad sa kanyang Form W-2

I-download ang Form I-864EZ sa <http://www.uscis.gov/portal/site/uscis>.

- **Form I-864W Exemption** para sa mga kategoryang hindi nangangailangan ng Form I-864:
  - mga aplikanteng nakabuo ng apatnapung (40) quarters ng trabaho sa Amerika at ito ay saklaw ng Social Security Act
  - mga anak ng U.S. citizen na wala pang labing-walong (18) taong gulang na maaaring makakuha ng U.S. citizenship pagpasok sa Amerika
  - mga balo ng mga U.S. citizen (self-petitioning)
  - mga asawa at anak na naging biktima ng pang-aabuso o sobrang kalupitan ng U.S. citizen o permanent resident (self-petitioning)

I-download ang Form I-864W sa <http://www.uscis.gov/portal/site/uscis>.

- **Form I-134 Affidavit of Support** para sa mga aplikanteng returning resident (SB-1) at following-to-join sa kategoryang “E.” Ang sponsor ay kinakailangang magbigay, kasama ng Form I-134, ng kopya ng kanyang pinakahuling U.S. federal income tax return (Form 1040) at wage statements (Form W-2’s).

I-download ang Form I-134 sa <http://www.uscis.gov/portal/site/uscis>

- **Ang pagpapatibay sa job offer at alok na sahod** para sa mga aplikanteng sakop ng kategoryang employment-based ay kailangang nasa stationery ng kompanya at ito ay hindi lipas sa isang taon sa oras ng aplikasyon sa visa.

**7. NBI CLEARANCE.** Ang mga aplikanteng labing-anim (16) na taong gulang at pataas ay nangangailangan ng Record Clearance for Travel Abroad Purposes mula sa National Bureau of Investigation (NBI). Kailangang nakasaad sa NBI Clearance ang pangalang ginagamit sa kasalukuyan, pangalan sa birth certificate, pangalan sa pagkadalaga (sa mga babaeng may-asawa), mga alyases o palayaw, at lahat ng mga pangalang ginamit kabilang na ang mga iba’t-ibang pagkabaybay sa pangalan o mga pangalang ito. Para sa layuning pang-imigrasyon, ang NBI clearance ay may bisa lamang na isang taon mula ng ito ay ipagkaloob. Ang web site ng NBI ay <http://www.nbi.gov.ph>.

**8. POLICE CERTIFICATE NG IBANG BANSA.** Ang mga aplikanteng labing-anim (16) na taong gulang at pataas ay kailangang magbigay ng *police certificate* galing sa ibang bansa kung saan sila ay nanirahan ng isang (1) taon o higit pa pagkaraan ng kanilang ika-labing anim (16) na kaarawan. Gaya ng *NBI Clearance*, kailangang nakasaad sa *police certificate* ang pangalang ginagamit sa kasalukuyan, pangalan sa *birth certificate*, pangalan sa pagkadalaga (sa mga babaeng may-asawa), mga alyases o palayaw, at lahat ng mga pangalang ginamit kabilang na ang mga iba't-ibang pagkabaybay sa pangalan o mga pangalang ito. Ang impormasyon sa pagkuha ng *police certificate* ay matatagpuan sa *web site* ng *State Department* sa [http://travel.state.gov/visa/frvi/reciprocity/reciprocity\\_3272.html](http://travel.state.gov/visa/frvi/reciprocity/reciprocity_3272.html).

**9. MGA REKORD GALING SA HUKUMAN O TUNGKOL SA PAGKABILANGGO:** Ang mga aplikanteng hinuli, isinakdal o hinatulan dahil sa krimen ay kinakailangang magdala ng mga kopya o salin tungkol sa krimen o paglabag sa batas.

**10. REKORD SA MILITAR O PAGKA-PULIS:** Ang mga aplikanteng nanungkulan sa militar o pulisya ay kinakailangang magdala ng pinagtibay na kopya ng talaan o rekord sa militar o pagka-pulis.

**11. LARAWAN PARA SA VISA.** Magdala ng dalawang (2) larawang may kulay. Ang mga detalye ng larawan para sa *visa* ay mahigpit na ipinapatupad. Bisitahin ang mga *web sites* sa [http://travel.state.gov/visa/immigrants/info/info\\_3746.html](http://travel.state.gov/visa/immigrants/info/info_3746.html) at [http://travel.state.gov/passport/guide/download/download\\_884.html](http://travel.state.gov/passport/guide/download/download_884.html).

**12. KATIBAYAN NG PAGKAKAKILANLAN AT/O KAUGNAYAN.** Ang mga aplikante ay kailangang maghanda ng mga dokumentong magpapatunay ng pagkakakilanlan sa kanila at/o sa kanilang kaugnayan sa petisyoner o pangunahing aplikante. Mga lumang larawan, mga personal na liham, mga rekord sa telepono, mga talaang pang-pinansiyal, katibayan ng pinagsamang pag-aari o pinagsamang sagutin ukol sa pananalapi, orihinal na talaan sa binyag, mga rekord sa paaralan, mga rekord medikal, at mga dokumento ukol sa pag-ampon ay makakatulong.

**13. MGA KOPYA NG MGA DOKUMENTO AT MGA SALIN.** Maliban sa pasaporte, ang lahat ng mga dokumento ay isasama sa *visa packet*. Ito ay mananatili sa pangangalaga ng *U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS)* bilang inyong permanenteng *immigration file* pagkatapos ninyong isuko sa *port of entry*. Kung nais maibalik sa inyo ang mga mahahalagang dokumento, magpa-kopya at ibigay ang kopya kasama ang orihinal sa inyong interbyu. Ang mga dokumento ay kailangang nasa Ingles, at kung hindi, ang mga ito ay dapat nakasalin sa wikang Ingles at pinagtibay ng isang may-kakayahang tagasalin.

**14. RESULTA NG MEDIKAL.** Lahat ng mga aplikante ng *immigrant visa* ay kailangang dumaan sa isang pagsusuring-medikal sa *St. Luke's Extension Clinic*. Sumangguni sa instruksyon (hiwalay na pahina) hinggil sa pagsusuring medikal.

## **II. APPLICATION FORM**

I-download ang Form DS-230 Parts I & II (Application for Immigrant Visa and Alien Registration) sa [http://travel.state.gov/visa/frvi/forms/forms\\_1342.html](http://travel.state.gov/visa/frvi/forms/forms_1342.html).

### **III. BAYAD SA VISA**

**Ang kabuuang bayad sa aplikasyon sa *immigrant visa* ay US\$400.** Kung hindi pa ito nabayaran sa *National Visa Center (NVC)* sa Amerika, ito ay maaaring bayaran sa *consular cashier* ng Embahada sa araw ng inyong interbyu sa pamamagitan ng *cash, traveler's check, U.S. Postal Money Order* o mga pangunahing *credit cards*. Maaaring bayaran ang katumbas ng halagang ito sa piso sa kasalukuyang halaga ng palitang umiiral sa Embahada. Ang bawat aplikante, bata man o matanda, ay bukod ang bayad sa isa't isa. Hindi na maaaring isauli ang ibinayad para sa mga aplikasyong nagawaran na ng pormal na pagsusuri.

### **IV. BISA NG APLIKASYON**

Ayon sa *Section 203(g)* ng *Immigration and Nationality Act (INA)* at ang mga susog nito, ang mga nagnanais na pirmihang manirahan sa Amerika ay kinakailangang pagsikapang isakatuparan ang kanilang aplikasyon sa *immigrant visa* sa loob ng isang (1) taon mula ng sila ay opisyal na sabihang umpisahan ang pag-proseso sa kanilang aplikasyon. Ang *appointment letter* ang magsisilbing opisyal na pahayag o pagbibigay-alam ukol dito. Kailangang mag-*apply* kaagad. Ang inyong aplikasyon sa *visa* at sariling petisyon ay kakanselahin pagkaraan ng isang (1) taon kung pababayaan ang pagtaguyod nito, o kung inyong ipagwawalang-bahala ang pagbigay sa mga karagdagang dokumentong hiniling ng konsul sa inyong interbyu.

### **V. MGA MAHAHALAGANG PAALALA**

- ◆ Kailangang ipagbigay-alam sa Embahada ang anumang pagbabago sa kalagayan ng inyong kaso:
  - mga pagsilang, pag-ampon, mga pag-yao/pagkamatay
  - pagpapakasal o pagpapawalang-bisa sa kasal
  - pagkamatay ng petisyoner o ng pangunahing aplikante
  - para sa mga *employment-based* na kaso, pagpapawalang-bisa sa *job offer* o ang pagkakaroon ng ibang petisyoner
  - kayo o ang petisyoner ay nagbago ng tirahan

Maglakip ng kaukulang dokumento gaya ng *marriage, birth o death certificates* kapag ipinagbigay-alam ang mga pagbabagong ito.

- ◆ Ang mga anak na wala pang dalawampu't isang (21) taong gulang at walang asawa ay maaaring makinabang sa petisyon ng kanilang magulang sa ilalim ng *family-sponsored (F)*, *employment-based (E)* at ibang kategorya ng *special immigrant visa*. Ang benepisyong ito ay hindi pinahihintulutan sa mga aplikante ng mga *immediate relative (IR)* na petisyon. Sa ilalim ng batas imigrasyon ng Amerika, nagtatapos ang kapakinabangang ito kapag ang anak ay umabot sa edad na dalawampu't isa (21) o kapag siya ay nag-asawa.
- ◆ Ang *Child Status Protection Act (CSPA)* ay isina-batas para tugunan ang suliranin ng mga anak na inabutan ng edad na dalawampu't isa (21) dahil sa pagka-antala sa pag-proseso ng kanilang petisyon. Sa ilang mga kaso, pagpapasiyahan lamang kung ang isang aplikante ay maaaring

makinabang sa ilalim ng *CSPA* pagkatapos suriin ng isang *consular officer* ang kanyang aplikasyon. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa *CSPA* at kung ito ay naaangkop sa inyong kaso, maaari kayong bumisita sa aming *web site* sa <http://manila.usembassy.gov/wwwwh3228.html>.

- ◆ Para sa kaligtasan ng lahat, ang mga aplikante sa *visa* ay pinagbabawalang magdala ng *cell phones* o anumang *electronic devices* sa loob ng Embahada. Ang mga aplikanteng may dala ng mga nabanggit na kagamitan ay hindi pahihintulatang makapasok. Iwanan ang inyong *electronic equipment* sa ligtas na lugar sa labas ng Embahada sa araw ng inyong interbyu.
- ◆ Pagsisikapan naming gawin ang lahat upang magawaran ng kaukulang pasiya ang inyong aplikasyon sa araw ng inyong interbyu. Nais naming ipaalala na ang proseso ay maaaring tumagal ng mga ilang oras. Maaari ding umabot ng maghapon bago mapagpasyahan ang inyong aplikasyon. Maaari rin kayong pabalikin sa ibang araw kung sakaling magkaroon man ng mga di-inaasahang suliranin.
- ◆ **Huwag munang pagtibayin ang anumang planong paglalakbay papuntang Amerika, magbenta ng mga ari-arian, o magbitiw sa inyong tungkulin o trabaho hangga't hindi naihatid ang visa sa inyo.** Sa kabuuan, ang *immigrant visa* ay may bisang anim (6) na buwan magmula sa araw ng pagkakaloob, maliban kung ang itinakdang bisa nito ay kulang sa anim (6) na buwan dahil sa medikal at iba pang kabawalan.



## **B A B A L A**

**ANG MANLINLANG O MANDAYA PARA SA VISA AY ISANG MALALA O MABIGAT NA PAGLABAG SA BATAS PANG-IMIGRASYON NG ESTADOS UNIDOS. ANG ANUMANG PAGTANGKANG PAGSISINUNGALING SA MAHAHALAGANG BAGAY O PANLILINLANG SA CONSULAR OFFICER AY MAAARING MAGING DAHILAN PARA MALAGAY SA PANGANIB ANG INYONG APLIKASYON NGAYON AT SA HINAHARAP.**

## **PAUNAWA SA PAGSUSURING MEDIKAL PARA SA MGA APPLIKANTE NG IMMIGRANT VISA**

Sa ilalim ng batas imigrasyon ng Amerika, **LAHAT** ng aplikante ng *immigrant visa* ay kinakailangang sumailalim sa pagsusuring-medikal. Ang resulta ng pagsusuring ito ay umiiral sa mga konsul at gagamitin para matiyak kung kayo ay karapat-dapat na tumanggap ng *visa*.

Ipinangasiwa ng Embahada sa *St. Luke's Medical Center Extension Clinic (SLMCEC)* ang pagpapatupad sa tungkuling ito. Ang *SLMCEC* ay matatagpuan sa *1177 J. Bocobo St., Ermita, Manila*, telepono bilang *521-0020* at *521-8647*. Ito ay bukas Lunes hanggang Biyernes (maliban kung pista-opisyal), mula 7:30-11:30 ng umaga at mula 1:00-4:30 ng hapon. Pagpunta sa klinika, dalhin ang inyong pasaporte at isang litrato (na may sukat na 2"x2").

Napakahalagang makumpleto ang inyong medikal pagdating ng inyong interbyu. Ang kakulangan nito ay magiging dahilan para hindi kayo mabigyan ng *visa* o ang pagpaliban at pagtakda ng inyong interbyu sa ibang araw. Ang resulta ng medikal ay tuluyang ipapadala ng *St. Luke's Extension Clinic* sa Embahada.

### **Paglingkod sa Pang-una**

Ang pagkasunod-sunod sa mga magpapasuri ay ayon sa kung sino ang unang dumating. Ang eksaminasyon ay maaaring abutin ng mahigit isang (1) araw para matapos. Ang mga babaeng aplikante ay maaaring humiling na suriin sila ng isang babaeng doktor. Ang klinika ay hindi-gaanong kalakihan ang lugar, kaya huwag magsama ng ibang tao kung hindi kinakailangan.

### **Bayad sa Medikal**

Ang bayad sa pagsusuring-medikal ay **US\$213.35** para sa mga aplikanteng labing-limang (15) taong gulang at pataas, at **US\$185.35** naman sa mga batang labing-apat (14) na taong gulang at pababa. Ang pagpapa-ulit ng *X-ray* ay **US\$7** bawat isa. **Maaaring bayaran lamang ang katumbas ng mga ito sa Philippine pesos sa kasalukuyang halaga ng palitan.**

### **X-Rays**

Ang *chest X-ray* ay hindi kailangan sa mga batang wala pang labing-limang (15) taong gulang, maliban kung sila ay may sintomas ng tuberkulosis (TB) o posibleng pagkahawa ng TB, halimbawa dahil sa pakikisalamuha sa kasambahay na may TB.

Ipinag-uutos ng *U.S. Public Health Service/Centers for Disease Control (USPHS/CDC)* ang pagpapa-*X-ray* ng mga buntis. Ang *chest X-ray* sa mga buntis ay hindi mapanganib kung ito ay isasagawa ng may tamang panabing.

Ang resulta ng mga nauna o dating *chest X-rays* ay kinakailangan ding dalhin para masuri at maihambing.

## **Human Immunodeficiency Virus (HIV) Test**

Ang impeksiyon sa *HIV*, na nagbibigay-daan sa pagkakaroon ng *Acquired Immune Deficiency Syndrome (AIDS)*, ay isang nakakahawang sakit na may kabuluhan sa pangkalahatang kalusugan.

**LAHAT** ng aplikanteng labing-limang (15) taong gulang at pataas ay kailangang suriin sa pamamagitan ng pagkuha ng dugo para sa anumang palatandaan ng impeksiyon sa *HIV*. Ang mga aplikanteng labing-apat (14) na taong gulang at pababa ay maaari ding suriin kung may matibay na dahilan ng pagkakaroon ng impeksiyon sa *HIV*, halimbawa, ang isang batang may magulang na positibo sa *HIV*.

## **PAGPAPABAKUNA NG MGA APPLIKANTE NG IMMIGRANT VISA**

Sa ilalim ng batas-imigrasyon ng Estados Unidos, **LAHAT** ng mga nagnanais na pirmihang manirahan doon ay kinakailangang mabakunahan laban sa ilang mga sakit.

Ang mga kinakailangang bakuna ay ang mga sumusunod:

- Mumps (Beke)
- Measles (Tigdas)
- Rubella
- Polio
- Tetanus at Diphtheria toxoids
- Pertussis
- Influenza Type B
- Hepatitis Type A
- Hepatitis Type B
- Varicella
- Pneumococcal
- Rotavirus
- Meningococcal
- Human Papillomavirus
- Zoster
- At mga bakunang ini-rekomenda ng *Centers for Disease Control (CDC)* at *Advisory Committee for Immunization Practices*

### **Dalhin Ang Talaan Ng Inyong Bakuna Para Mapag-aralan Ng Doktor**


Kailangang magdala ng katunayang kayo ay dati ng nabakunahan. Pag-aaralan ng doktor ang talaan o ulat ng inyong bakuna para matiyak na ang mga ito ay sapat ayon sa batas. Tanging ang doktor ang makakapagsabi kung ano ang nararapat na bakuna. Maaaring ipaulit sa inyo ang pagkuha sa mga dating bakuna. Tandaan na ang pagkuha ng pangalawang dosis ay hindi makakasama sa inyong kalusugan.

### **Waiver sa Bakuna**

Batay sa rekomendasyon ng doktor, maaaring pahintulutan ng konsul ang *waiver* kung mapapagpasiyahan na ang pagpapabakuna ay hindi angkop dahil sa inyong edad, kalusugan o nakaraan na may kinalaman sa pagpapagamot.

Ang *U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS)* ay maaari ding magbigay ng *waiver* kung mapapatunayan na ang pagpapabakuna ay taliwas sa inyong paniniwalang pang-relihiyon o matibay na paniniwalang pang-asal/pag-uugali.

# MAPA PAPUNTANG ST. LUKE'S MEDICAL CENTER EXTENSION CLINIC (SLMCEC)



## PAUNAWA SA MGA MAGULANG

Ang batas-imigrasyon ng Estados Unidos ay may mga malinaw at tiyak na mga kondisyon sa kung sino ang karapat-dapat na permanenteng manirahan doon. Kung kayo ay nagtatangkang dalhin ang isang batang **HINDI** sa inyo pagkapanganak, ang mga sumusunod na batayan o kondisyon ay kinakailangang matugunan para ang bata ay maging karapat-dapat sa *immigrant visa*.

- ◆ Ang bata ay kinakailangang ma-ampon bago sumapit ang kanyang ika-labing-anim (16) na taong kaarawan (o maging kapatid ng isang bata ring inampon ng parehong magulang habang wala pa itong labing-walong (18) taong gulang). Ang pag-ampon ay kailangang ganap at alinsunod sa batas. Ang simpleng pagpapalaki o kawang-gawang pagkukup sa bata ay hindi naggagawad ng isang pormal na pag-ampon. Para sa layuning pang-imigrasyon, ang pag-ampon ay kinakailangang lumikha ng isang umiiral na ugnayang magulang-anak, o ipinagkakaloob nito sa bata ang parehong karapatan tulad ng sa tunay na anak (halimbawa, maging taga-pagmana). Sa Pilipinas, ito ay nangangahulugang ang bata ay inampon sang-ayon sa hatol ng hukumang may saklaw sa bagay na ito.
- ◆ Ang bata ay kinakailangang nasa pangangalagang legal ng mga umampon sa loob ng dalawang (2) taon. Ang legal na pangangalaga ay ang pagbalikat ng tungkulin ng matanda sa menor-de-edad alinsunod sa batas at sang-ayon sa pahintulot ng hukuman o isang kinatawan ng pamahalaan. Isina-sailalim sa legal na proseso ang pagkakaloob ng pangangalaga ng mga magulang sa bata. Ang petsa kung kailan ang nag-ampon ay pinagkalooban ng legal na pagkukup sa bata ay maaaring ibilang sa pagtupad ng dalawang (2) taong pangangalaga ayon sa batas pang-imigrasyon ng Estados Unidos. Kung hindi, ang araw kung kailan ang pag-ampon ay naging ganap ang ituturing na umpisa ng legal na pagkukup. Ang isang dokumentong nagtatalaga ng pangangalaga, kagaya ng isang sinumpaang salaysay (affidavit), ay di-sapat na katibayan para sa naturang layunin.
- ◆ Ang bata at ang mga umampon ay kinakailangang magkasamang naninirahan sa loob ng dalawang (2) taon, kung saan ginampanan ng mga umampon ang pangunahing pamamahala sa bata bilang mga magulang. Kailangang magpakita ng mga katibayan na ang ampon at mga umampon ay mayroong tunay na ugnayang magulang-anak kahit sa mga panahong sila ay magkahiwalay/magkalayo.
- ◆ Ang pag-proseso sa aplikasyon ng batang inampon ay pag-uukulan ng pansin kagaya rin sa ibang aplikante ng *immigrant visa*, kaya't dapat matugunan din nito ang mga pangunahing pangangailangan para maging karapat-dapat sa *immigrant visa*. Bukod sa mga pangunahing dokumento, ang aplikasyon ng bata sa *immigrant visa* ay kailangan ding mapagtibay ng mga sumusunod:
  - kopya ng *adoption decree*
  - kopya ng katibayan na ang pag-ampon ay ganap (*Certificate of Finality*)
  - kopya ng orihinal na *birth certificate* ng bata bago siya inampon, galing sa *National Statistics Office (NSO)*
  - kopya ng *birth certificate* ng bata pagkatapos siyang ampunin, galing sa *National Statistics Office (NSO)*

- kopya ng pasiya ng hukuman hinggil sa pagkakaloob ng legal na pangangalaga (kung ang pangangalaga ay ipinagkaloob bago ang pag-ampon)
- katibayan na ang bata ay nanirahan kasama ang mga umampon sa loob ng dalawang (2) taon, kung saan ginampanan ng mga umampon ang pangunahing tungkulin bilang taga-pag-alaga sa bata
- kung ang bata ay inampon sa gulang na labing-anim (16) o labing-pito (17), magpakita ng katibayan na ang bata ay inampon kasama ang, o pagkatapos ng pag-ampon sa, isang tunay niyang kapatid habang ito ay wala pang labing-anim (16) na taong gulang, at sila ay inampon ng parehong magulang.

**Ang aplikasyon sa *immigrant visa* ng mga batang saklaw ng kategoryang IR3 o IR4 (mga “ulila” ayon sa kahulugan nito sa batas pang-imigrasyon ng Estados Unidos) ay susuriin at pag-uukulan ng bukod o ibang uri ng mga dokumento.**

## **MGA IBANG MAHAHALAGANG IMPORMASYON**

### **IMMIGRANT VISA CALL CENTER**

**Kung sa umpisa ay alam ninyo na kayo ay hindi makakarating sa inyong interbyu, o kung kayo ay pumalya sa inyong iskedyul para sa interbyu, maaari kayong tumawag sa Visa Call Center ng Embahada sa Manila sa telepono bilang 1-909-101-7878 para magpa-skedyul muli o magtakda ng panibagong araw ng inyong interbyu.** Ang numerong ito ay para sa mga suskritur ng PLDT at Smart telephone touchtone landlines na may katangian para sa *national o international direct dialing (NDD o IDD)*. Ang Call Center ay maaaring tawagan mula sa Amerika sa telepono bilang 1-888-877-9888. Ang Call Center ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi (lokal na oras). May kaukulang bayad para sa mga serbisyong ibinibigay ng Call Center.

Ang mga *customer service representative* ng Call Center ay maaaring magbigay ng mga impormasyon tungkol sa mga aplikasyon sa *immigrant* at “K” visas na nasa Embahada., ngunit hindi sila maaaring magbigay ng anumang payo o gumawa ng pagpapasiya sa legal na aspeto ng mga kaso.

### **COURIER DELIVERY PARA SA IMMIGRANT VISA**

Ang mga aplikante ay hindi kailangang bumalik sa Embahada upang personal na kunin ang kanilang *visa*. Ang *Immigrant Visa Branch* ay gumagamit ng isang mapagkakatiwalaang *courier service* upang ihatid ang *immigrant visa* sa inyong tirahan. Ang serbisyong ito ay may kaukulang bayad.

### **INCOME TAX RETURN**

Ang *sponsor* ng *Form I-864 Affidavit of Support* ay kailangan lamang maglakip ng kopya ng kanyang *U.S. federal income tax return (Form 1040)* at *wage statements (Form W-2's)* para sa isang (1) taon. Ito ay pagbabago sa mga nakaraang pangangailangan ng kopya ng *tax returns* para sa tatlong (3) taon. Ang kita o sahod ng *sponsor* mula ng kanyang lagdaan ang *Form I-864* ay ang magiging batayan para sa bisa ng *poverty guidelines* kung kailan ang *Form I-864* ay ibinigay sa Embahada o *National Visa Center (NVC)*.

Ang bisa ng *Form I-864* ay walang-taning. Hindi na ito kinakailangan pang ipagpatibay ng isang abogado dahil ito ay nilagdaan sa ilalim ng kaparusahan sa panunumpa ng walang-katotohanan.

**\*\*KUNG MAYROON MANG HINDI PANGSANG-AYON ANG INGLIS AT ANG SALING PILIPINO, ANG PAHAYAG SA INGLIS ANG MANANAIG\*\***